# MGA PAYO Para Sa Mga Magulan | Ng Mga Sanggol

Hindi kailanman masyadong maaga upang basahan ang inyong sanggol. Sa oras na ipanganak ang inyong sanggol, nagsisimula na siyang matuto. Sa pamamagitan lamang ng pakikipag-usap, pakikipag-laro, at pag-aalaga sa inyong sanggol araw-araw, natutulungan na ninyo ang inyong sanggol na magkaroon ng mga kakayahan sa lengguwahe na kailangan upang maging magbabasa. Sa pagbabasa sa inyong sanggol, lumilikha kayo ng hilig sa mga libro at pagbabasa mula sa simula pa lamang. Isinasaad ng mga payo sa ibaba ang ilang masasayang paraan upang matulungan ninyo ang inyong anak na maging masaya at may kumpiyansang magbabasa. Subukan ang bagong payo sa bawat linggo. Tingnan kung ano ang pinakamabuti para sa inyong anak.

- **Yakapin ang sanggol kasama ang isang libro.**
  Kapag niyayakap ninyo ang inyong sanggol at magkasama kayong nakatingin sa isang libro, masisiyahan ang inyong sanggol sa pagyakap at pakikinig sa inyong boses pati na rin sa kuwento. Ang pakiramdam na ligtas siya at matiwasay kasama kayo habang nagbabasa ng libro ay lumilikha sa inyong sanggol ng kumpiyansa at hilig sa pagbabasa.
- **Piliin ang mga librong mabuti para sa mga sanggol.**
  Mas madaling tingnan ng mga sanggol ang mga librong may mga larawan na makikintad ang kulay at malalaki o malakas ang pagkakasalungat ng mga kulay, at tatawag ng mga ito ang kanilang pansin. Mas madaling hawakan ng mga sanggol ang mga librong gawa sa tela o malambot na plastik (para sa paliguan) o "mga librong karton" na may matibay na karton na mga pahina.
- **Ilagay ang mga libro sa kayang abutin ng sanggol ang mga ito.**
  Siguraduhin na kasing-daling abutin, hawakan, at tingnan ang mga libro na tulad ng mga laruan. Tandaan, gagawin ng sanggol sa libro kung ano ang ginagawa niya sa iba pang bagay – ilagay ito sa kanyang bunganga. At iyan mismo ang kanyang gagawin, kaya baka gusto ninyong maglagay ng mga nangunguyang libro sa kanyang abot-kamay.
- **Kausapin ang inyong sanggol – maghapon.**
  Ilarawan ang panahon o aling mansanas ang pipiliin ninyo sa groserya. Ilarawan ang mga litrato sa isang libro o mga bagay na nakikita ninyo sa paglalakad. Magtanong. Sa pakikinig, natututo ang inyong anak ng mga salita, mga ideya, at kung paano gumana ang lengguwahe.
- **Hikayatin ang pagsalita, pag-ungol at paglagukgok ng inyong sanggol.**
  Ito ay mga paraan ng pakikipag-usap ng inyong sanggol sa inyo, at mahalagang mga unang hakbang tungo sa pagsasalita. Hikayatin ang mga panggagaya sa inyo. Habang mas madalas magsanay ang inyong sanggol sa paggawa ng mga tunog, mas magiging maliwanag ang mga ito. Magpatuloy at *umunga, tumahol at pumugak*!
- **Palakpakan ang inyong sanggol!**
  Hikayatin ang inyong sanggol na pulutin ang mga biskwit o mga gisantes, hipuin ang mga ilong at daliri sa paa, ituro ang mga litrato at abutin ang mga laruan. Magiging mas malakas, maliksi, at handa nang maglipat ng mga pahina ang mga kalamnan sa kanyang maliliit na kamay.
- **Bumuo ng pang-araw-araw na gawain. (At gawin ang pagbabasa na bahagi nito).**
  Pinapakalma ng mga kinagawiang gawain ang sanggol, at hayaang matututunan nitong hulaan kung ano ang susunod na mangyayari. Mahalaga ang kakayahang manghula kapag lumaki na ang inyong anak at nagsasarili na siyang nagbabasa.
- **Kumanta, magbasa, ulitin.**
  Basahin ang mga paboritong kuwento at kantahin ang mga paboritong awitin nang paulit-ulit. Ang mga nauulit na kasiyahan kasama ang mga libro ay pagtitibay ng paghusay sa lengguwahe at mga positibong damdamin tungkol sa pagbabasa.
- **"Basahin" ang inyong sanggol.**
  Pansinin kung paano tumutugon ang inyong sanggol sa librong binabasa ninyo. Tumigil kung hindi nasisiyahan ang inyong sanggol sa kuwento at subukan ang ibang libro o ibang oras.

www.ColorinColorado.org

*Praktikal, batay-sa-pananaliksik na impormasyon kung paano tulungan na magbasa ang mga nag-aaral ng lengguwaheng Ingles … at magtagumpay!*

Reading rockets

Colorin Colorado is produced by Reading Rockets, a project of public television station WETA. The project is funded by the U.S. Department of Education, Office of Special Education Programs; the American Federation of Teachers; and the National Institute for Literacy

A Union of Professionals
American Federation of Teachers, AFL-CIO

# MGA PAYO
## Para Sa Mga Magulang

## Ng Mga Batang Natututo Pa Lamang Maglakad

Ang pagiging batang natututo pa lamang maglakad ay tungkol sa AKSIYON. Hikayatin ang patuloy na paghusay sa lengguwahe at interes sa mga libro at pagbabasa sa pagpapanatili sa mga bagay na masigla at kaaya-aya. Ang mga karanasan sa araw-araw ay puno ng mga pagkakataon upang makipag-usap at pahusayin ang mga kakakayahan sa lengguwahe. Nagsasaad ang mga payo sa ibaba ang ilang masasayang paraan upang matulungan ninyo ang inyong anak na maging masaya at may kumpiyensang magbabasa. Subukan ang isang bagong payo sa bawat linggo. Tingnan kung alin ang pinakamabuti para sa inyong anak.

- **Huwag asahan ang inyong anak na umupo nang tahimik para sa isang libro.**
  Kailangan ng mga bata ang **GUMALAW**, kaya huwag mag-alala kung i-arte nila ang mga kuwento o lumukso, maglaro, o magpagulung-gulong habang binabasahan ninyo sila. Maaaring malikot sila, ngunit sila ay nakikinig.

- **Bumigkas ng mga panulaan, umawit ng mga kanta, at magkamali!**
  Huminto upang hayaan ang inyong anak na tapusin ang isang parirala o paulit-ulit na awitin ang koro ng kanta. Sa oras na masanay ang inyong anak sa panulaan o huwaran, sadyain ninyong magkamali at magpahuli.

- **Piliin ang mga kaaya-ayang mga libro.**
  Ang mga librong nagtatampok sa mga hayop o mga makina ay nakakaganyak ng paggalaw at pagtunog. Pinananatili ng mga libro na may mga nakatiklop na pahina o iba't ibang tekstura ang nagpapanatili ng abala ang mga kamay. Ang mga librong may detalyadong larawan o nauulit na mga aytem na nakatago sa mga litrato ay mabuti para sa pagtutuklas at pagtatalakay.

- **Gawing maikli, simple, at madalas ang pagbabasa.**
  Madalas na mas ikli ang panahon ng atensyon ng mga bata kaysa sa mga sanggol. Maghanap ng teksto na maikli at simple. Magbasa ng kaunti, ilang beses sa isang araw.

- **Hikayatin ang paglalarong may ang pagsabi ng pangalan, paglalarawan, at pag-uusap.**
  Gumawa ng zoo gamit ang lahat ng mga laruang hayop. Gumawa ng karera gamit ang mga laruang kotse. Hayaang mamuno ang inyong anak at magtanong ng maraming tanong.

- **Araw-araw ay isang pakikipagsapalaran kapag ikaw ay isang batang natututo pa lamang maglakad.**
  Piliin ang mga libro tungkol sa mga pang-araw-araw na karanasan at mga damdamin. Ituturing ng inyong anak na katulad nila ang mga karakter habang sila ay nagbibihis, kumakain, namamasyal, natutulog, at naglalaro.

- **Magtanong.**
  Maglaan ng oras upang pakinggan ang mga sagot ng inyong anak. Ang mga batang natututo pa lamang maglakad ay may mga malakas na opinyon at nakakatawag-pansin na mga ideya tungkol sa mundo. Hikayatin ang inyong anak na sabihin sa inyo kung ano ang kanyang iniisip. Makakalikha kayo ng mga kasanayan sa lengguwahe at malalaman rin kung ano ang mabisa sa inyong anak.

- **Pagbigyan ang kanilang mga paborito.**
  Basahin ang mga paboritong kuwento nang paulit-ulit. Hanapin ang mga libro tungkol sa mga bagay na talagang gusto ng inyong anak – mga tren, mga hayop, at ang buwan. Mapapatagal ng mga librong ito ang panahon ng atensyon ng inyong anak at lumikha ng hilig sa pagbabasa.

- **Hindi nasisiyahan?**
  Subukan ang ibang kuwento o ibang oras sa maghapon. Ang pagbabasa kasama ang musmos na bata ay unang-una tungkol sa paglikha ng mga positibong karanasan sa mga libro, at hindi ang pagtatapos sa bawat librong inumpisahan ninyo.

www.ColorinColorado.org
*Praktikal, batay-sa-pananaliksik na impormasyon kung paano tulungan na magbasa ang mga nag-aaral ng lengguwaheng Ingles … at magtagumpay!*

Reading rockets

Colorin Colorado is produced by Reading Rockets, a project of public television station WETA. The project is funded by the U.S. Department of Education, Office of Special Education Programs; the American Federation of Teachers; and the National Institute for Literacy

A Union of Professionals
American Federation of Teachers, AFL-CIO

# MGA TIP para sa mga magulang ng mga nasa Preschool

Magbasa nang maaga at magbasa nang madalas Ang mga naunang taon ay kritikal sa pagpapaunlad ng panghabambuhay na pagmamahal sa pagbabasa. Hindi kailanman napaka-aga na mag-umpisang magbasa sa iyong anak! Ang mga tip sa ibaba ay naghahandog ng ilang masasayang paraan na matulungan mo ang iyong anak na maging maligaya at may kumpiyansang magbabasa. Subukin ang isang bagong tip bawat linggo. Tignan kung ano ang pinakamabuting gagana sa iyong anak.

- **Magbasa nang sabay bawat araw.**
  Magbasa sa iyong anak bawat araw. Gawin itong magiliw at mapagmahal na oras kapag kayong dalawa ay makapagyayapos nang malapit.

- **Bigyan ng pangalan ang bawat bagay-bagay.**
  Linangin ang bokabularyo ng iyong anak sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa mga interesanteng salita at mga bagay. Halimbawa, "Tignan ang eroplanong iyon! Iyon ang mga pakpak ng eroplano. Bakit sa palagay mo ay tinawag silang mga pakpak?"

- **Sabihin kung gaano ka nasisiyahang magbasa.**
  Sabihin sa iyong anak kung gaano ka nasisiyahang magbasa na kasama siya. Pag-usapan ang tungkol sa "oras ng pag-iistorya" bilang ang paboritong bahagi ng iyong araw.

- **Magbasa nang may kasiyahan sa iyong boses.**
  Magbasa sa iyong anak na may pagkamapagpatawa at espresyon. Gumamit ng iba't-ibang mga boses. Artehan ito nang labis!

- **Alamin kung kailan hihinto.**
  Itabi sandali ang libro kung ang iyong anak ay nawalan ng interes o nagkakaroon ng ligalig sa pakikikinig.

- **Maging mapag-akto.**
  Talakayin kung ano ang nangyayari sa libro, ituro ang mga bagay-bagay sa pahina, at magtanong.

- **Basahin ito nang paulit-ulit.**
  Sumige at basahin ang paboritong libro ng iyong anak nang maka-100 beses! Pag-usapan din ang tungkol sa pagsusulat. Banggitin sa iyong anak kung papaano tayo magbasa mula sa kaliwa pakanan at kung papaano pinaghiwalay ang mga salita sa pamamagitan ng mga espasyo.

- **Ituro ang nakalimbag kahit saan.**
  Pag-usapan ang tungkol sa mga nakasulat na salita na iyong nakikita sa mundo sa iyong paligid. Hilingan ang iyong anak na maghanap ng isang bagong salita sa bawat paglabas.

- **Papahalagahan ang iyong anak.**
  Mangyaring maging sigurado na makipagkita sa pediyatriko ng iyong anak o guro sa lalong madaling panahon kung ikaw ay mayroong mga alalahanin tungkol sa pagpapaunlad ng wika, pandinig, o paningin ng iyong anak.

**www.ColorinColorado.org**

*Praktikal, impormasyong ibinase-sa-pananaliksik sa kung papaano tutulungang magbasa ang mga bata . . . at magtagumpay!*

Reading rockets | WETA | aft A Union of Professionals — American Federation of Teachers, AFL-CIO

¡Colorín colorado!

Reading tips for parents

**Tagalog: K**

# MGA TIP para sa mga magulang ng mga nasa Kindergartenl

Paglaruan ang mga titik, mga salita, at mga tunog! Ang pagsasaya sa wika ay tutulong sa iyong anak na matutunang malamatan ang kodigo ng pagbabasa. Ang mga tip sa ibaba ay naghahandog ng ilang masasayang paraan na matulungan mo ang iyong anak na maging maligaya at may kumpiyansang magbabasa. Subukin ang isang bagong tip bawat linggo. Tignan kung ano ang pinakamabuting gagana sa iyong anak.

- **Makipag-usap sa iyong anak.**
  Hilingan ang iyong anak na pag-usapan ang tungkol sa kanyang araw sa paaralan. Himukin siya na ipaliwanag ang bagay na kanilang ginawa, o ang laro na kanyang nilaro sa oras ng rises.

- **Magsalita ng mga hangal na nakabubuhol ng dila.**
  Umawit ng mga kanta, magbasa ng mga tumutugmang libro, at magsalita ng mga hangal na nakabubuhol ng dila. Ang mga ito ay makatutulong sa mga bata na maging sensitibo sa mga tunog sa mga salita.

- **Basahin ito at esperyensiyahin ito.**
  Ikonekta kung ano ang binabasa ng iyong anak sa kung ano ang nangyari sa buhay. Kung nagbabasa ng libro tungkol sa mga hayop, iugnay ito sa iyong huling pagpunta sa zoo.

- **Gamitin ang pangalan ng iyong anak.**
  Ituro ang kaugnayan sa pagitan ng mga titik at mga tunog. Sabihing, "Ken, ang salitang *kendi* ay nag-uumpisa sa parehong tunog gaya ng iyong pangalan. *Ken, kendi*. At kapuwa sila nag-uumpisa sa parehong titik, K."

- **Maglaro ng mga papet.**
  Maglaro ng mga larong wika na may mga papet. Ipasabi sa papet na, "Ang pangalan ko ay Mario. Gusto ko ang mga salitang tumutugma sa aking pangalan. Ang *baryo* ba ay tumutugma sa *Mario*?" Ang *bola* ba ay tumutugma sa *Mario*?"

- **Bakasin at sabihin ang mga titik.**
  Ipagamit sa iyong anak ang daliri upang bakasin ang titik habang sinasabi ang tunog ng titik. Gawin ito sa papel, sa buhangin, o sa isang plato ng asukal.

- **Isulat ito.**
  Maghanda ng mga papel at lapis para magamit ng iyong anak sa pagsusulat. Magkasamang gumagawa, sumulat ng isa o dalawang pangungusap tungkol sa ilang bagay na espesyal. Himukin siya na gamitin ang mga titik at mga tunog na kanyang pinag-aaralan sa paaralan.

- **Maglaro ng mga larong tunog.**
  Sanaying ipagsama ang mga tunog sa mga salita. Tanungin "Mahuhulaan mo ba kung anong salita ito? *a - s - o*" Mas tagalan ang bawat tunog kaysa sa normal.

- **Basahin ito nang paulit-ulit.**
  Sumige at basahin ang paboritong libro ng iyong anak nang maka-100 beses! Habang ikaw ay nagbabasa, tumigil at tanungin ang iyong anak tungkol sa ano ang nangyayari sa libro.

- **Pag-usapan ang tungkol sa mga titik at mga tunog.**
  Tulungan ang iyong anak na matutunan ang mga pangalan ng mga titik at ang nagagawang tunog ng mga titik. Gawin ito na isang laro! "Ako'y nag-iisip ng isang titik at ito ay nakagagawa ng tunog na *mmmmmm*."

**www.ColorinColorado.org**

*Praktikal, impormasyong ibinase-sa-pananaliksik sa kung papaano tutulungang magbasa ang mga bata . . . at magtagumpay!*

Reading rockets | WETA | aft A Union of Professionals American Federation of Teachers, AFL-CIO

# MGA TIP para sa mga magulang ng mga nasa Unang Baitang

Bigyan ang iyong anak ng maraming oportunidad na magbasa nang malakas. Pukawin ang loob ng iyong batang magbabasa na magsanay bawat araw! Ang mga tip sa ibaba ay naghahandog ng ilang masasayang paraan na matulungan mo ang iyong anak na maging maligaya at may kumpiyansang magbabasa. Subukin ang isang bagong tip bawat linggo. Tignan kung ano ang pinakamabuting gagana sa iyong anak.

- **Huwag umalis ng tahanan nang wala ito.**
  Magdala ng libro o magasin anumang oras na kailangang maghintay ang iyong anak, gaya ng sa opisina ng duktor Palaging subuking handa sa pagbabasa!
- **Ang minsan ay hindi sapat.**
  Himukin ang iyong anak na muling-basahin ang mga paboritong libro at mga tula. Ang muling-pagbabasa ay makatutulong sa mga bata na bumasa nang higit na mabilis at may kaiksaktuhan.
- **Magsaliksik nang mas malalim sa istorya.**
  Tanungin ang iyong anak tungkol sa istorya na kababasa mo pa lamang. Magsabi ng bagay gaya ng, "Bakit sa palagay mo nagawa ni Clifford iyon?"
- **Pangasiwaan ang telebisyon.**
  Mahirap para sa pagbabasa na makipagkumpiten-siya sa TV at mga larong bideo. Himukin ang pagbabasa bilang isang aktibidad sa libreng-oras.
- **Maging matiyaga.**
  Kapag ang iyong anak ay sinusubukang bumigkas ng di-pamilyar na salita, bigyan siya ng oras na gawin ito. Paalalahanan ang iyong anak na tumingin nang mabuti sa unang titik o mga titik ng salita.
- **Pumili ng mga libro na nasa tamang antas.**
  Tulungan ang iyong anak na pumili ng mga libro na hindi masyadong mahirap. Ang layon ay mabigyan ang iyong anak ng maraming mga matagumpay na karanasan sa pagbabasa.
- **Maglaro ng mga larong salita.**
  Ipabigkas sa iyong anak ang mga salita habang pinapalitan mo ito mula *apat* sa *patpat* sa *sapat*; mula *sapat* sa *sako* sa *sabon*, at mula sa *sabon* sa *sipon*.
- **Babasahin ko sa iyo, babasahin mo sa akin.**
  Magpalitang magbasa nang malakas sa oras ng pagtulog. Ang mga bata ay nasisiyahan sa espesyal na oras na ito na kasama ang kanilang mga magulang.
- **Marahang iwasto ang iyong batang magbabasa.**
  Kapag nagkamali ang iyong anak, marahang ituro ang mga titik na kanyang nakaligtaan o di-wastong nabasa. Maraming mga nag-uumpisang magbabasa ay di-mapipigilang manghula sa isang salita na ibinase sa unang titik nito.
- **Makipag-usap, makipag-usap, makipag-usap!**
  Makipag-usap sa iyong anak bawat araw tungkol sa paaralan at mga bagay-bagay na nangyayari sa paligid ng bahay. Budburan ng ilang mga interesanteng salita sa kombersasyon, at linangin sa mga salita na inyong napag-usapan noong nakaraan.
- **Magsulat, magsulat, magsulat!**
  Hilingan ang iyong anak na tulungan kang isulat ang listahan ng groseri, pabatid ng pasasalamat sa Lola, o magtago ng tala ng espesyal na mga bagay-bagay na nangyari sa tahanan. Kapag sumusulat, himukin ang iyong anak na gamitin ang mga tularan ng titik at tunog na kanyang natutunan sa paaralan.

**www.ColorinColorado.org**

*Praktikal, impormasyong ibinase-sa-pananaliksik sa kung papaano tutulungang magbasa ang mga bata . . . at magtagumpay!*

Reading rockets | WETA | aft — A Union of Professionals — American Federation of Teachers, AFL-CIO

# MGA TIP para sa mga magulang ng mga nasa Ikalawang Baitang

Maghanap ng mga paraan upang magbasa, magsulat, at magkuwento ng mga istorya na kasama ang iyong anak. Palaging purihin ang iyong batang magbabasa at nag-uumpisang magsusulat ng istorya! Ang mga tip sa ibaba ay naghahandog ng ilang masasayang paraan na matulungan mo ang iyong anak na maging maligaya at may kumpiyansang magbabasa. Subukin ang isang bagong tip bawat linggo. Tignan kung ano ang pinakamabuting gagana sa iyong anak.

- **Magkuwento ng mga istorya ng pamilya.** Ibig makinig ng mga bata ng mga istorya tungkol sa kanilang pamilya. Pag-usapan ang tungkol sa isang kakatwang bagay na nangyari noong ikaw ay bata pa.
- **Lumikha ng isang kahon ng kasangkapan sa pagsusulat.** Punan ang kahon ng mga materyales na pang-drowing at pangsulat. Humanap ng mga oportunidad para makapagsulat ang iyong anak, gaya ng listahan ng bibilhin, mga pabatid ng pasasalamat, o mga kard na pangkaarawan.
- **Maging #1 tagahanga ng iyong anak.** Hilingan ang iyong anak na basahin nang malakas kung ano ang kanyang isinulat para sa paaralan. Maging isang masigasig na tagapakining.
- **Isang beses pa na mayroong damdamin.** Kapag ang iyong anak ay bumigkas ng di-pamilyar na salita, muling ipabasa sa kanya ang pangungusap. Madalas sobrang abala ang mga bata sa pag-iisip ng isang salita na kanilang nakalimutan ang kahulugan ng kanilang nabasa.
- **Mag-imbita ng isang may-akda sa klase.** Hilingan ang may-akda na magsalita sa klase ng iyong anak tungkol sa proseso ng pagsusulat. Kadalasan ang mga kabataan ay nag-iisip na sila ay hindi gaanong ismarte kung hindi sila makapagsusulat ng isang perpektong istorya sa unang pagsubok.
- **Magkasamang lumikha ng isang libro.** Itupi sa kalahati ang mga piraso ng papel at isteypol ang mga ito upang makagawa ng libro. Hilingan ang iyong anak na magsulat ng mga pangungusap sa bawat pahina at idagdag ang sarili niyang mga pagsasalarawan.
- **Gawing laging handa ang pagkukuwento.** Magpalitang magdagdag sa istorya na ginawa ninyong dalawa habang nakasakay sa kotse o bus. Subuking gawing masaya o nakakatakot ang istorya.
- **Ituro ang kaugnayan sa pagitan ng mga salita.** Ipaliwanag kung papaano ang mga may kaugnayan na salita ay mayroong katulad na mga pagbaybay at mga kahulugan. Ipakita kung papaano ang salita tulad ng *batang-bata*, halimbawa, ay umuugnay sa isang salita tulad ng *bata*.
- **Gumamit ng isang listahan ng pagsusulat.** Palikhain ang iyong anak ng isang listahan ng pagsusulat na mayroong mga paala-ala gaya ng, "Ang lahat ba ng aking mga pangungusap ay nag-umpisa sa malaking titik? Oo/Hindi."
- **Madali, madali.** Gumamit ng mga bagong salita na natutunan ng iyong anak sa masiglang plaskard o mga pagsasanay sa kompyuter. Minsan ang mga ito ay tumutulong sa mga bata na awtomatikong makilala at mabasa ang mga salita, lalo na yaong madalas na ginagamit.

¡Colorín colorado!

Reading tips for parents

**Tagalog: 3rd grade**

# MGA TIP para sa mga magulang ng mga nasa Ikatlong Baitang

Basahin ito, pag-usapan ito, at pag-isipan ito! Humanap ng mga paraan para linangin ng iyong anak ang pang-unawa, ang pinaka-layunin ng nag-aaral kung papaano magbasa. Ang mga tip sa ibaba ay naghahandog ng ilang masasayang paraan na matulungan mo ang iyong anak na maging maligaya at may kumpiyansang magbabasa. Subukin ang isang bagong tip bawat linggo. Tignan kung ano ang pinakamabuting gagana sa iyong anak.

- **Gawing espesyal ang mga libro.**
  Gawing espesyal na bagay ang pagbabasa. Dalhin ang iyong mga anak sa aklatan, tulungan silang kumuha ng sarili nilang kard ng aklatan, magbasa kasama sila, at bilhan sila ng mga libro bilang mga regalo. Magkaroon ng paboritong lugar para sa mga libro sa inyong tahanan o, mas mabuti, maglagay ng mga libro kahit saan.

- **Pagbasahin sila ng isa pa.**
  Humanap ng mga paraan na himukin ang iyong anak na dumampot ng isa pang libro. Ipakilala siya sa isang serye gaya ng *The Boxcar Children* o *Harry Potter* o sa ikalawang libro ng isang paboritong may-akda, o tanungin ang katiwala ng aklatan para sa mga karagdagang mungkahi.

- **Ipilit ang diksiyonaryo.**
  Hayaang makita ka ng iyong anak na ikaw ay gumamit ng diksiyonaryo. Sabihing, "Hmm, hindi ako sigurado kung ano ang kahulugan ng salita na iyan... Sa palagay ko ay hahanapin ko ito."

- **Pag-usapan kung ano ang iyong nakikita at ginagawa.**
  Pag-usapan ang araw-araw na mga aktibidad upang linangin ang kaalaman ng iyong anak, kung saan ay napakahalaga sa katantuan ng pakikinig at pagbabasa. Patuloy na magsalita, halimbawa, habang magkasamang nagluluto, bumibisita sa kung saang bago, o pagkatapos manood ng palabas sa TV.

- **Ang mga unang balangkas ay di-maayos.**
  Himukin ang iyong anak kapag nagsusulat. Paalalahanan siya na ang pagsusulat ay kinakailangan ng ilan-ilang mga hakbang. Walang sinuman ang nakagagawa nito nang perpekto sa unang pagkakataon.

- **Iba't ibang mga hagod para sa iba't ibang mga tao.**
  Magbasa ng iba't-ibang uri ng mga libro upang ilantad ang iyong anak sa iba't-ibang uri ng pagsusulat. Ang ilang mga bata, lalo na ang mga lalaki, ay gugustuhin ang hindi-kakathang isip na mga libro.

- **Turuan ang iyong anak ng ilang "mga salamangka sa isip"**
  Ipakita sa iyong anak kung papaano lagumin ang istorya sa ilang mga pangungusap o kung papaano gumawa ng mga hula tungkol sa kung ano ang maaaring mangyari sa susunod. Ang parehong istratehiya ay tutulong sa bata na matanto at makaalaala.

- **"Nandiyan na ba tayo?"**
  Gamitin ang oras na ginugugol sa loob ng kotse o bus para sa larong salita. Pag-usapan ang tungkol sa papaano nangahulugan na ang baga ay isang bahagi ng katawan na tinatawag na ding pulmon gaya din ng mga panggatong o uling na nakasindi. Ilang ibang mga katunog ang maiisip ng iyong anak? Kapag ang mga bata ay napaka-pamilyar sa kahulugan ng isang salita, sila ay hindi gaanong mahirapan sa pagbabasa nito.

**www.ColorinColorado.org**

*Praktikal, impormasyong ibinase-sa-pananaliksik sa kung papaano tutulungang magbasa ang mga bata . . . at magtagumpay!*

Reading rockets | WETA | aft A Union of Professionals — American Federation of Teachers, AFL-CIO